Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

7-16
3-7-11

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG PEBRERO 14, 2011, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:45 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad |

**KAPASIYAHAN BLG. 094-T2011**

**KAPASIYAHANG NAGKAKALOOB NG LANSAKANG KAPANGYARIHAN SA KAGALANG-GALANG PUNONG BAYAN DOMINGO G. PANGANIBAN NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN SA PAKIKIPAGNEGOSASYON SA ISRAEL BUILDERS AND DEVELOPMENT CORPORATION.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng mga kasapi ng Kagalang-galang Sangguniang Bayan ang kahilingan ng Kagalang-galang Punong Bayan Domingo G. Panganiban na bigyan siya ng kapangyarihang makipagnegosasyon sa Israel Builders and Development Corporation;

**SAPAGKA'T,** ito ay iniliwat sa Lupon sa Pagawaing Bayan at Lupon sa Batas para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pag-aaral, pagsusuri at paghaharap ng proyekto sa pamamagitan ng "powerpoint presentation" at makita ang kapakinabangang maidudulot nito sa pagbibigay ng episyente at malinis na inuming tubig at makapagdaragdag ng suplay ng tubig sa mga lugar na di pa naaabot ng kasalukuyang sistema sa tubig, ay inirekomenda ng kaukulang lupon ang pagbibigay ng kapangyarihan sa Kagalang-galang Punong Bayan na pumasok sa makipagnegosasyon sa kaukulang korporasyon ukol dito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Batas), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Florencio C. Odejar, Jun M. Asinas at Serafin C. San Juan, Jr. at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Magkaloob ng lansakang kapangyarihan sa Kagalang-galang Punong Bayan Domingo G. Panganiban na katawanin ang pamahalaang bayan sa pakikipagnegosasyon sa Israel Builders and Development Corporation.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapag-ugnay at Tagapaglingkod sa Kaunlaran, lahat sa bayang ito at Israel Builders and Development, Lungsod ng San Pablo, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang,

**PINAGTITIBAY. Pebrero 14, 2011**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

**KGG. FLORENCIO C. ODEJAR**
Kagawad

**KGG. RIZALDY N. KALAW**
Kagawad

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Kagawad

**KGG. LAURA P. OBLIGACION**
Kagawad

**KGG. JUN M. ASINAS**
Kagawad

**KGG. ROLANDO MOISES E. ACAPULCO**
Kagawad

**KGG. SERAFIN C. SAN JUAN, JR.**
Kagawad

**KGG. RONALD P. OBLIGACION**
Kagawad

**KGG. JOSE MAURO D. GABINETE**
Kagawad

NAGPATOTOO:

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan